# Mabuting Samaritano/ Paggamot sa Labis na Dosis

## Batas sa Paggamot sa Labis na Dosis sa California

(AB-635 Paggamot sa labis na dosis ng droga, Susog sa SEKSYON 1. Seksyon 1714.22 ng Kodigo Sibil)

Ang isang tao ay **hindi** mananagot sa aksyong sibil o sasailalim sa kriminal na paglilitis para sa pagmamay-ari, pagbabahagi o pagbibigay ng gamot sa pagbabaligtad ng mga epekto ng labis na dosis kapag:

- Ang isang taong hindi lisensyado na magbigay ng gamot ay sinanay, o kumikilos na may makatuwirang pag-iingat sa matapat na hangarin, at hindi binabayaran.

## Batas ng Mabuting Samaritano

(KODIGO SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN – HSC, DIVISION 10. UNIFORM CONTROLLED SUBSTANCES ACT (11000 – 11651); YUGTO 6. Mga Pagkakasala at Parusa (11350 – 11392); ARTIKULO 4. Ibat' ibang Pagkakasala at Probisyon (11364 – 11376.5))

May mga batas na inilagay na tumutulong protektahan ang mga tao mula sa pananagutan ng pag-aresto kapag sila ay kumilos sa magandang hangarin na may makatuwirang pangangalaga na maghangad ng tulong medikal o magbigay ng aprubadong gamot sa pagbabaligtad ng mga epekto sa labis na dosis ng opioid.

Hindi krimen ang magmay-ari ng isang kontroladong sangkap o kagamitan para sa personal na paggamit, kapag ikaw, sa mabuting hangarin ay:

- Maghangad ng tulong medikal para sa isa pang taong may labis na dosis na may kaugnayan sa droga; O
- Kung ikaw o isa pang tao ay nasa ilalim ng impluwensya ng sangkap sa panahon ng paghingi ng tulong medikal para sa labis na dosis.
- Hindi hadlang sa mga tauhang medikal o nagpapatupad ng batas na rumeresponde sa labis na dosis

SAPC | Substance Abuse Prevention and Control

County of Los Angeles Public Health

# Kung ikaw o isang mahal sa buhay ay nangangailangan ng paggamot, tawagan kami anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

## TULONG NA LINYA NG SERBISYO SA PAG-ABUSO NG SANGKAP

24/7 **1.844.804.7500**

**PARA SA MAS MARAMI PANG IMPORMASYON:**


County ng Los Angeles
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan
**PAGPIGIL AT PAGKONTROL SA PAG-ABUSO NG SANGKAP**

1000 S. Fremont Avenue
Building A-9 East 3rd Floor
**888.742.7900**
**publichealth.lacounty.gov/sapc**